# Pag-aalaga ng hayop

**Naiintindihan ng Mission Housing Australia (MAH) ang pagkagiliw ng maraming tao sa kanilang mga alagang hayop at kung gaano kahalaga ang mga ito sa kalusugan at kaligayahan ng mga tao.**

**Ang fact sheet na ito ay nagbibigay impormasyon sa kung ano ang mga dapat gawin ng mga nangungupahan kung gustong mag-alaga ng hayop sa kanilang ari-arian.**

## Mga klase ng ari-arian ng MAH

Ang MAH ay namamahala ng iba't ibang klase ng ari-arian kasama na ang:

- mga unit, townhouse o mga bahay
- pangmatagalang panlipunang pabahay
- tuluyan sa panahon ng krisis
- mga ari-arian na pinapamahalaan sa ngalan ng pribadong nagmamay-ari
- mga ari-arian na pinapamahalaan sa ngalan ng ibang organisasyong pang komunidad

## Paghingi ng permiso sa pag-alaga ng hayop

**Sinumang nangungupahan na gustong mag-alaga ng hayop sa kanilang ari-arian ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang Housing Manager upang pag-usapan ang posibilidad ng pag-aalaga ng hayop. Ang housing manager ay, kung kinakailangan, magsusuri sa ari-arian upang malaman kung ito ay naaangkop sa pag-aalaga ng hayop at upang masigurado na pinapanatili mong maayos ang ari-arian.**

Ang iba pang dahilan gaya ng mga kapit-bahay, klase at bilang ng hayop ay isasaalang-alang rin sa paggawa ng desisyon.

Sa oras na magkaroon ng desisyon, ang iyong Housing Manager ay susulat sa iyo upang bigyan ka ng abiso kung ikaw ay nabigyan o hindi ng permiso na mag-alaga ng hayop sa iyong ari-arian. Ang sulat ay magdedetalye ng klase at bilang ng hayop na maaari mong alagaan at anumang kundisyon na kasama nito.

## Pag-aalaga ng hayop ng walang permiso

**Ang mga nangungupahan na mahuhuling na nag-aalaga ng hayop sa kanilang ari-arian ng walang nasusulat na permiso, o nag-aalaga ng mas maraming hayop kaysa sa nabigyan ng permiso ay lumalabag sa kasunduan ng pangungupahan.**

Sa ganitong sitwasyon, ang iyong Housing Manager ay makikipag-ugnayan sa iyo upang ipaalam ang iyong paglabag at bibigyan ka ng 7 araw upang alisin ang mga hayop. Kung ang mga hayop ay hindi naialis matapos ang 7 araw, ang MAH ay hihiling sa State Tribunal o korte na alisin ang mga hayop.

## Pag-apila sa desisyon

**Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa desisyon na ginawa ng MAH ukol sa hiling na mag-alaga ng hayop o sa desisyon na paalisin ang hayop, ikaw ay maaaring mag-apila upang masuri ang desisyon. Para sa impormasyon kung paano mag apila ng desisyon, tignan ang MAH Fact Sheet - Appeals and Complaints (Apila at Reklamo).**

## Alagang hayop ng mga kapit-bahay

Kung ikaw ay nakakaranas ng pagka-istorbo mula sa alagang hayop ng kapit-bahay tulad ng aso o ibon, ikaw ay dapat makipag-ugnayan sa iyong Housing Manager at sa iyong lokal na konseho.

**Para sa karagdagang impormasyon ukol sa patakaran ng MAH sa pag-aalaga ng hayop, makipag-ugnyan sa iyong lokal na opisina ng MAH.**

## Contact us

**Mission Australia Housing**
580 George Street
Sydney NSW 2000

1800 269 672

missionaustralia.com.au

MISSION AUSTRALIA together we stand

**Kung kailanga mo ng tulong sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnay sa Translating and Interpreting Service (TIS) National sa 131450.**